2011 State of the City Address

Pangungubyernong May Prinsipyo, Alay sa San Fernando

[Introduction]

Mga kababayan,

Sa aking buhay na nilakbay gusto kong ibahagi sa inyo ang mga katotohanang di mapapasubalian:

1. Ang matinding kahirapan ay hindi sagabal sa isang nangangarap ng pagbabago, at makakatulong pa ang kawalan para maging matatag sa pagharap sa mga sagabal at pagsubok;

2. Ang pagyakap sa mga batayang prinsipyo ng kalinisan, katapatan, katarungan, katatagan, kasipagan, kababaang loob, pakikialam at pagdedesisyon base sa kapakanan ng nakakarami, ay hindi ka ililigaw sa tuwid na daan;

    a. Nagkaroon ako ng matinding pagnanais ng pagbabago pagkatapos ng pag-aaral

    b. Patapos na ako ng abogasya noon at sa halip na harapin ang personal na pangangailangan sa buhay, lumaban ako sa diktadura, nakulong at sumali sa People Power.

3. Ang mataimtim na pagnanasa sa pagbabago, gaano man kahirap ang tatahakin, ay magbubunga ng mabuti;

    a. Hindi ko pinangarap na maabot ang mayroon ako ngayon. Ngunit ako ay may matinding pagmamahal sa kalayaan at ito ang nagsubong sa akin na tumakbo.

    b. Panahon iyon ni President Cory ng tinanggap ko ang obligasyon na maging Provincial Administrator, at kalaunan ang maging Congressman.

4. Ang mga kinakailangang pagbabago para makamtan ang mas mataas na uri ng pamumuhay ng mamamayan, lalo na ng mga kapus-palad, ay kayang abutin kahit na sa ilalim ng kasalukuyang systema-politikal at kultura ng palakasan, katiwalian, nakawan, siraan at patronage politics kung katuwang ang mga kritikal na masa na magmamalasakit magmula sa pribado at publikong sector;

5. Na pagka may konkretong direksyon na pupuntahan ang pamamahala base sa mga niyakap na pananaw at visyon para sa seryosong pamamahala hindi maliligaw ang manlalakbay na inihalal;

6. May bukas pa para sa ating lahat lalo na sa mga nangangarap ng pagbabago.

a. Tumaas ang antas ng middle class sa San Fernando mula 19.1% hanggang 59.2% ayon sa pananaliksik ng University of the Assumption.

7. Ito ang maikling buod ng aking pwedeng ibahagi tungkol sa aking buhay at sa aking 21 taong panunungkulan bilang isang lingkod bayan.

Sa nakalipas na pitong taon ng aking panunungkulan bilang inyong alkalde, kayo'y naging saksi sa ating pagsisikap, pagpupunyagi at pagtatagumpay.

Ngayong taon, mabilis na nating naisakatuparan ang mithiin natin sa 2015 na maging isang "Champion of Good Governance" at nais kong ibahagi sa inyo ang mga naisagawa sa ating lungsod.

Mga minamahal kong Fernandino, karangalan kong ilahad ang bunga ng ating magkatuwang na pamamahala bilang sukli sa inyong walang sawang pagtitiwala.

[Tatlong Malalaking Hamon]

Marami sa inyo ang nakakaalam na ako'y nahalal bilang Pangulo ng Liga ng mga Siyudad sa Pilipinas (LCP) eksaktong isang taon na nakararaan. Ang LCP ay magiging daluyan ng ating mabuting karanasan sa pamamahala upang maibahagi sa iba. Tayo rin ay bahagi ng LCP at mga proyekto na sumusuporta sa mithiin ng ating Pangulong Noynoy upang ang lungsod ay maging sandigan at kaagapay tungo sa mabuting pamamahala.

Napili rin akong maging Chair ng Regional Development Council (RDC) sa Central Luzon. Masaya ako dahil ang mga mithiin ng ating lungsod ay naaayon sa mission at vision ng RDC para sa Central Luzon: una ay ang pagiging global gateway; ikalawa ay ang pagkakaroon ng malakas na public-private partnership; at ikatlo ay ang pagpapalago ng mga lugar sa Gitnang Luzon. Bilang RDC Chair, sinasamahan ko ang lahat ng miyembro ng RDC sa naising mapabilis ang pag-unlad sa rehiyon sa pamamagitan ng pagpapabuti lalo ng relasyon ng mga nasa pamahalaan at ng mga nasa pribadong sektor. Ipinapangako ko na gagamitin ko ang mallit kong boses kahit wala ako sa posisyon upang ipaabot sa ating Pangulong Noynoy an gating mithiin na Makita ang tunay na kaganapan ng ating Regional Development Center – ang pagkakaroon nito ng maayos na road network at drainage systems.

Mapalad din ako na mahirang bilang Executive Vice President ng Union of Local Authorities, ang pederasyon ng lahat ng halal ng bayan sa buong Pilipinas. Makatutulong ng malaki ang ULAP bilang daan sa pagsusulong ng mabuting pamamahala sa lahat ng mga lokal na pamahalaan sa bansa.

[Clear Roadmap]

'Di maitatatwa na malaki ang naitulong ng paggamit natin ng Performance Governance System o PGS kalakip ng Balanced Scorecard na hango sa Harvard Business School. Sa likod ng itinuturing na matagumpay na pamamahala sa lungsod, tayo ay nailuklok sa Palladium Hall of

Fame sa buong mundo noong Oktubre ng nakaraang taon na ginanap sa Sofitel at ang mismong imbentor ng Balanced Scorecard ang naggawad sa atin ng pagkilala.

Sa pagsunod sa iisang Roadmap, ang lungsod, mula sa inyong lingkod hanggang sa hanay ng mga may tungkulin sa barangay, ay tumatahak sa iisang direksyon – ang maging lugar ng mga may trabaho, edukado, kontento at mahuhusay na mamamayan.

Natutuwa akong ibalita sa inyo na matagumpay ang paggamit natin ng roadmap at alinsunod ito sa ating 8-Point Strategic Agenda tungo sa paglikha ng isang lipunang malaya sa kahirapan at may pagpapahalaga sa mamamayan.

[Tagumpay sa likod ng kahirapan]

Sa aking karanasan, napatunayan ko ang kahalagahan ng edukasyon para makamtan ang tunay na pagbabago at mas mataas na kalidad ng pamumuhay.

Kaya edukasyon ang aking naging pangarap para sa mga Fernandino lalo na sa mga kapus-palad. Sa simula't sapul, pangunahing layunin na ng aking administrasyon na mabigyan ng maayos na edukasyon ang mga maralita kaya ginagawa natin ang lahat ng paraan para maging abot-kamay ang kanilang pinapangarap na magandang bukas.

Kitang-kita ang naging resulta ng ating galaw dito sapagkat noong 2005, ang Gross Enrolment Rate ay lumago mula 57.91% hanggang sa 92.67% sa kasalukuyan. Sa loob lamang ng limang taon ay nakapagpatayo tayo ng 12 integrated schools dagdag pa sa tatlong high schools na ginastusan ng milyun-milyong budget ng siyudad. Mayroon na rin tayong City College para sa ating 680 college scholars na naka-enrol sa 3 kursong pangkolehiyo at 1 TESDA course. Mayroon na ring kurso ang City College para sa mga hearing-impaired. Ngayon ay mayroon tayong 7,815 scholars sa ilalim ng Scholarship in Education for Empowerment and Development Program (SEED) kasama na ang mga nagtapos sa ating Skills Training Program.

Kamakailan lang ay pumirma tayo ng kasunduan kasama ang Kagawaran ng Edukasyon para sa counterpart funding program para sa pagpapatayo ng mga silid-aralan. Matagumpay tayong nakalikom ng 38 million pesos upang pantayan ang 43 million na inilaan para sa kakulangan ng mga gusali sa mga paaralan, prioridad ang mga elementarya at hayskul.

Subalit tinatanggap natin na sa ngayon, mababa pa ang ranggo natin sa National Achievement Test, at ito ang hamon sa atin na lalong pagbutihin na itaas ang kalidad ng produkto ng syudad San Fernando.

[Malusog na mamamayan, maunlad na bayan]

Bilang isang lingkod bayan, pangunahing katungkulan ng pamahalaan na pangalagaan ang mga mamamayan lalo na ang kanilang kalusugan. Kaya naman, patuloy na tinatamasa ng mga Fernandino ang iba't ibang mga programang pangkalusugan sa bansa. Kaisa ang ating City Health Office sa patuloy na pagpapaigting ng environmental health at sanitation services sa tulong ng

Oplan Bigay Tubig at Solid Waste Management sa mga gusali at mga iba't ibang establisyamento. Sinisiguro natin na ang mga Fernandinos ay may health insurance at ngayon mayroon na tayong labinlimang libo't tatlong daan at siyam (15,309) na Philhealth beneficiaries. Sa nakalipas na tatlong taon, ang lahat ng empleyado ng City Hall ay tumatanggap din ng libreng bakuna laban sa influenza at AH1N1.

Sa ating target na 300 beneficiaries ngayong taon, 243 na ang mga kababaihang nabigyan ng libreng Anti-Cervical Cancer vaccine.

[Serbisyong Makatao para sa Tao]

Sinisikap nating maibigay ang pinakamataas na kalidad ng serbisyo para sa mga Fernandino. Sinisigurado rin natin na ang basic social services ay naibibigay sa lahat ng Fernandinos. May mga livelihood programs at skills training gaya ng food processing, rug making, at massage therapy. Nagtayo rin tayo ng mga housing projects para sa higit 6000 kawawang pamilya at mga empleyado ng City Hall, minementena ang Himlayang Fernandino, at nagbukas ng mga birthing stations sa San Nicolas, Sindalan at Northville Calulut. Mayroon na rin tayong Children's Code na naipasa kamakailan lamang, karagdagan sa mga nauna ng naipasa tulad ng Magna Carta of Women at ang ating General Code of Ordinances. Ang Fernandino Access Card ay kasalukuyang ipinamamahagi sa lahat ng barangay para mas mapadali ang pagkuha ng serbisyo ng mga mamamayan.

[Partisipasyon ng Mamamayan para sa Kaunlaran]

Pinahahalagahan natin ang partisipasyon ng mamamayan, lalo na ang mga negosyante. Hindi ko sila itinuturing na banta kundi mga kasangga sa pamamahala. Nang binuksan natin ang pintuan ng aking pangungobyerno ay lalong dumating ang mga negosyo sa atin. Sa ngayon ay mayroong 7,524 registered businesses sa lungsod. Sa nakalipas na taon, nakita nating nagtayuan ang malalaking negosyo gaya ng Waltermart, at sinimulan na rin ang SM San Fernando, S&R at Jumbo Jenra.

Ang ating kinita sa taong 2010 ay umabot ng 836.9 million na may 100% collection efficiency rate. Dahil sa malakas na suporta mula sa business sector, nagawa ng siyudad na patuloy na maitaas ang koleksyon ng business taxes na mahigit-kumulang 35.5 million pesos o 22.5% rate ng pagtaas taun-taon simula 2007. Ngayong Hunyo 2011, ang kabuuan ng ating kinita ay 635.7 million at ito'y 58% na ng ating tinatantyang kita na isang billion para sa 2011.

[Pangmatagalang Solusyon para sa Magandang Bukas]

Ang kinabukasan ay para sa mga kabataan, sa ating mga anak, mga apo, kaapu-apuhan, at salinlahi. Nais nating makita nila ang kagandahan ng ating kapaligiran. Isang pamayanang may likas na yaman at ligtas sa sakuna. Kung kaya't ang Phase 3A ng "Sagip-Ilog" Project ay halos tapos na at kapansin-pansin na ang dating mga lugar na binabaha gaya ng San Felipe ay hindi na binaha nang dumaan ang malakas na bagyong Falcon. Mabilis na humupa ang flash floods at hindi

naging malubha ang epekto nito kumpara sa ibang lugar dito sa Pampanga. Itinatag na rin natin ang City Disaster and Risk Reduction Management Office para sa agarang aksyon sa mga panahon ng sakuna at kalamidad.

Patuloy din ang ating malawakang kampanya sa pagse-segregate ng basura. Maliban sa pagtatayo ng kauna-unahang waste-to-energy facility, naaprubahan na rin ang ating 10-year Solid Waste Management Plan.

Dahil malaki ang tiwala ng pribadong sektor sa atin, katuwang din natin sila sa pamamahala sa ating kapaligiran kung kaya't sila mismo ay naglunsad ng kanilang mga proyekto gaya ng Jose Abad Santos Avenue (JASA) Urban Greening na tinatayang umabot sa P2.7 million. Ngayon, kitang-kita ang magandang center aisle na puno ng halaman at may U-turn slots para masiguro ang kaligtasan ng mga dumaraan ng walang ginastos ang syudad.

[Pagmamahal sa Bayan at Kasaysayan]

Mayaman ang ating kultura at patuloy pa natin itong pinagyayaman. Patuloy ang ating Preserving Heritage for Progress Program, kung kaya't ang Giant Lantern Festival at iba pa nating tradisyon ay buhay na buhay pa din. Kamakailan ay ginunita natin ang pagbangon ng Pampanga mula sa abo ng lahar dalawampung taon na ang nakakaraan. Libu-libo sa ating mga kabalen ang dumalo sa naturang pagtitipon.

Bilang pagkilala sa pagmamahal sa bayan at sa mga nagtanggol sa ating kalayaan, binibigyang diin natin ito sa mga Fernandinos kung kaya't ipinatayo natin ang Heroes Park at Heroes Hall, kung saan kabilang ang bantayog ni Gat. Jose Rizal na isa sa mga tinitingala kong bayani. Kinikilala din natin ang iba pa nating mga bayaning Kapampangan kaya't masusi nating ginugunita ang kani-kanilang mga espesyal na araw.

[Katapangan at kahandaan]

Nais nating mapanatili ang kapayapaan at kaayusan dito sa ating Siyudad at tayo'y matapang sa pagharap sa krimen at masasamang-loob. Sa pagiging masigasig ng ating kapulisan sa pagsugpo sa kriminalidad dito sa San Fernando, nahuli nila ang ilan sa pinaka-notorious na carnappers dito sa atin. Ang OPLAN Habitat naman ay wala pa ring tigil sa pagpapanatili ng disiplina at kaayusan sa syudad. Sa katunayan, patuloy na pinapatindi ang patrol system sa pakikipagtulungan sa iba pang ahensya ng pamahalaan at mga NGOs.

Sinisiguro rin natin na ang ating paglalakbay tungo sa mabuting pamamahala ay nasa tuwid na landas sa lungsod ng San Fernando. Patuloy tayong nagpapatayo ng mga de-kalibreng imprastraktura na kailangan ng ating mga mamamayan para matiyak ang kaligtasan ng bawat isa kaya binigyang prayoridad din ang mga daan, tulay, traffic lights, at pedestrian lanes. Kabilang sa mga proyektong ito ay ang upgrading at concreting ng Alasas-Magliman at Saguin-Lara roads na nagkakahalaga ng 10 milyung at 11 milyung piso at ang paggawa ng tulay sa Saguin-Lara na umabot ng 11 milyung piso. Bilang bahagi sa road widening ng Gapan-San Fernando-Olongapo

road at Dredging Project, ating kinausap sina Secretary Singson ng *DPWH* at Secretary Abad ng *DBM* para sa pagpapagawa ng isang flyover na malapit sa Central Terminal kasama na ang pagpapalagay ng mga traffic lights sa naturang lugar, at paglalagay ng pedestrian overpass sa harap ng St. Nicholas College. Mayroon din tayong priority flood control projects kabilang ang pagpapaayos ng Del Carmen creek, pagpapatayo ng slope protection sa Balimbing creek, at pagpapatayo ng spillway sa Magliman creek.

[Pagbabahagi ng Bisyon bilang Katuparan sa Misyon]

Sa likod ng mga tagumpay na ating tinatamasa, hindi maikakailang marami pa tayong dapat gawin upang lalo pang mapabuti ang ating pagsisilbi. Isang paraan upang maihatid ng mas mabilis at epektibo ang mga serbisyo ng Pamahalaang Lungsod ay sa pamamagitan ng paglulunsad ng STAR Barangay Program – ang Sukatan ng Tagumpay ng Aktibo at Responsableng Barangay. Sa pamamagitan ng STAR Barangay program, maibabahagi sa antas ng Barangay ang PGS. Bibigyan natin ng ayuda na aabot sa higit sa tatlong milyong piso ang bawat Barangay na papasa sa apat na yugto ng programa. Sa ngayon ay mayroon nang labindalawang barangay na nagpasa ng resolusyon at nagsisimula na ang unang batch ng mga kalahok sa STAR Barangay.

Ang pagbabahagi ng ating pinakamahusay na kasanayan hindi lamang sa loob, ngunit pati na rin sa labas ng lungsod ay susi sa tagumpay ng anumang organisasyon sapagkat natututo tayo sa karanasan ng iba. Masaya ako na maganda ang ating mga ipinapatupad sa siyudad at marami na ang naging interesado sa ating mga ginagawa at kung paano natin ito nagagawa.

Tayo ngayon ay nasa punto ng ating paglalakbay na kung saan marapat lamang na ibahagi natin sa iba ang mga tagumpay na ating nakamit bilang pagsunod sa ating pangako at prinsipyo ng mabuting pamamahala. Ang ating mga karanasan at natutunan ay atin na ngayong naibabahagi sa mga pribado at pampublikong institusyon, kapwa lokal at internasyonal, sa pamamagitan ng programang Lakbay Aral.

Itinatag din natin ang Center for Leadership, Excellence and Responsible Citizenship (CLEAR) Foundation, Inc. – isang lupon ng mga mapagkakatiwalaang mamamayan upang ipalaganap ang pagbabago sa Pampanga.

[Patuloy na Pagkilos tungo sa Pagbabago]

May dalawang taon pa ko para tuparin ang aking mga tungkulin bilang alkalde. Akala siguro ng iba ay magiging laidback Mayor ako. Heto pa ang mga dapat asahan sa atin ng mga Fernandinos:

- Pagpapatayo ng mga karagdagang classrooms sa mga eskwelahan
- Pagpapatayo ng sariling gusali para sa City College
- Patuloy na paghahanda sa sakuna at pagbili ng sapat na “life-saving” equipments
- Pangungumpleto sa mga local na daan at pagsasaayos ng drainage system

- Paglalagay ng traffic lights at CCTV sa mga pangunahing kalye at daan ng syudad
- Rehabilitasyon ng lumang palengke
- Pangungumpleto sa proyektong Sagip-Ilog

[Isang Pamana]

Dumating na ang araw ng pag-asa. Ngayon ang pagkakataon upang tayo'y umasa na makakamit natin ang tunay na pagbabago. Masasabi nating ang pagbibitiw sa pwesto ni Senador Juan Miguel Zubiri kung saan matapang niyang isinantabi ang posisyon upang itama ang isang mali. Sa wakas, ang kapangyarihan ng katotohanan at integridad ay nangingibabaw na laban sa kasamaan at katiwalian.

Noon pa man ay tinahak na natin ang landas na hindi pinipili ng nakararami. Noon pa man ay tinahak na natin ang tuwid na daan taliwas sa pandaraya at patronage politics para itaguyod ang ikabubuti ng nakararami. Noon pa man, hindi tayo nagpadala sa agos ng panahon para sa pansariling kapakanan. Kahit sino man ang nakaluklok sa Malacañang, hindi tayo naligaw ng landas. Hindi nadis-karil ang ating pagpupunyagi tungo sa mabuting pamamahala at responsableng pagkamamamayan.

Nais kong magpasalamat sa bawat isa sa atin na yumakap sa misyong iangat ang antas ng pamumuhay ng bawat Fernandino, lalo na ang mga maralita. Lagi nating isaisip at isapuso na tayo ay isang pamahalaang naninilbihan at tayo ay mga mamamayang may pananagutan. Matibay ang aking paniniwala na kung patuloy nating lilinangin ang ating mga kakayahan, tayo ay magiging ganap na Kanlungan ng Kadakilaan. Sa ating lahat, maraming salamat!

Nagsimula na ang magandang kinabukasan para sa atin, huwag natin itong sayangin.

Luid ya ing Fernandino! Luid ya ing Kapampangan! Luid ya ing Pilipino! Magsilbi Tamu!